10
Grade

(GCED)
# Global Citizenship Education Lesson Exemplar
# FILIPINO

Copyright © 2021 Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding, Philippine Normal University, and Department of Education-Philippines

All rights reserved. No part of this book may be reproduced or used in any manner without written permission of the copyright owner except for the use of quotations in a book review.

**Published by**
Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding
and
Philippine Normal University
Manila, Philippines

Learning Area: Filipino
Grade Level: 10
Title: Karapatan... Ipaglaban Mo!
Project: Global Citizenship Education Curriculum Development and Integration in the Philippines

**Editorial Board**
Writer: Jennifer L. Sayas

Layout Artists: John Ray D. Barcena and Ariel C. Malate

Language Editor: Jasper P. Lomtong

Content Editor: Denmark L. Yonson

Developmental Editor: Denmark L. Yonson

Associate Editors: Serafin A. Arviola Jr., Carl O. Dellomos, Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta

Managing Editors: Carl O. Dellomos and II Timothy D. Salegumba

Chief Editor: Carl O. Dellomos

**Reviewers**
Roel S. Cabungcag, Alejandre S. Fernandez Jr., Mariedel M. Repuesto, Mylyn M. Vallejo, Christopher R. Villaralbo, Mary Grace O. Awkit, Venus D. Bajao, Welbert D. Borlado, Jine L. Havana, and Emerson O. Sabadlab

**Consultants**
Bert J. Tuga, Jocelyn DR Andaya, and Rita B. Ruscoe

**Project Management Team**
*Project Director: Serafin A. Arviola Jr.*
*Deputy Project Director: Carl O. Dellomos*
*Core Team Members: Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta*
*Faculty Assistant: Iona Ofelia B. Zanoria*
*Technical Assistants: II Timothy D. Salegumba and Jean Pauline E. Maur*

ISBN: 979-11-87819-32-5
APCEIU Publication Number: BE-RND-2021-068

**Learning Area:** Filipino

**Grade Level:** 10

**Quarter:** 1st

**GCED Domain/s:** Cognitive, Socio-Emotional, and Behavioral

**GCED Indicator/s:**

D1.1.e Evaluate appropriate actions, consequences, and implications

D2.1.c Show concern and respect for humanity based on human rights

D3.1.d Initiates actions about local, national and global issues (i.e advocates for peace-oriented values, security and stability) which can be taken individually and collaboratively.

**GCED Theme:**

Institution's Conflicts, Social Justice and Human

**GCED Topic/s:**

Human Rights and Humanitarian Law

**Enhanced Content Standard/s:**

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan na may paksa tulad ng pagmamalaki sa kultura, preserbasyon ng kalikasan, pagsulong sa mabuting kalusugan ng bayan, promosyon ng kapayapaan, pagkapantay-pantay sa kasarian, etnisidad, karapatang pantao, sistema ng kapangyarihan at ekonomikong pag-unlad ng daigdig.

**Enhanced Performance Standard/s:**

Nakabubuo ng kritikal na pagsusuri sa mga isinagawang critique na may paksa tulad ng pagmamalaki sa kultura, preserbasyon ng kalikasan, pagsulong sa mabuting kalusugan ng bayan, promosyon ng kapayapaan, pagkapantay-pantay sa kasarian, etnisidad, karapatang pantao, sistema ng kapangyarihan at ekonomikong pag-unlad sa mga pampanitikang Mediterranean.

**Time Allotment:**

60 minutes

# TABLE OF CONTENTS


**Lesson Title**

**Lesson Introduction**

Lesson Objectives (What I Need to Know/ Alamin) 4

Pretest (What I Know / Subukin) 5-6

**Lesson Proper**

Activity (What's New / Tuklasin) 7-11

Discussion (What is It / Talakayin) 12

Enrichment Activities (What's More / Pagyamanin) 13

Generalization (What I Have Learned / Isaisip) 14

Reflection (Why is it meaningful and relevant / Isapuso) 15

Application (What I Can Do / Isagawa) 16-17

Assessment / Tayahin 18

Answer Key / Susi sa Pagwawasto 19

References / Sanggunian 20

# KARAPATAN ...
# IPAG LABAN MO!



<a href='https://www.freepik.com/vectors/sale'>Sale vector created by rawpixel.com - www.freepik.com</a>

# LESSON INTRODUCTION

Mahalaga ang pagtataguyod ng karapatang pantao sa ating lipunang ginagalawan sapagkat pinapayagan nitong mabuhay ang bawat tao nang may dignidad, pagkakapantay-pantay, hustisya, kalayaan at kapayapaan. Ginagarantiyahan din ng karapatang pantao na protektahan ang mga tao laban sa pang-aabuso ng mga nasa posisyon na mas may kapangyarihan. Tungkulin ng bawat bansa at mamamayan na ipagtanggol ang sinomang indibidwal na nakakaramdaman na ang mga karapatang ito ay nilabag. Ang diskriminasiyon ay kinikilalang paglabag sa karapatang pantao. Madalas na nakararanas nito ang populasyon ng mga itinuturing na mahina katulad ng kababaihan, bata at matatanda.

Sa aralin na ito, pag-aaralan mo ang isang maikling kuwento na pinamagatang "Ang munting Bariles" na nagmula sa bansang France. Sikapin mong unawain ang akda upang masalamin sa katauhan ng mga tauhan ang pag-uugali ng taong pinaggalingan nito. Susuriin mo ang mga isyung may kinalaman sa karapatang pantao ng kababaihan at matatanda sa lipunan. Sa katapusan ng aralin ay inaasahang makagagawa ka ng hakbang upang itaguyod at pagtibayin pa ang karapatang pantao ng matatanda at kababaihan sa ating lipunan.

# LESSON OBJECTIVE

## (WHAT I NEED TO KNOW / ALAMIN)

Sa katapusan ng araling ito, inaasahang matatamo ang mga sumusunod:

1. Naipaliliwanag at naiuugnay ang mga pangyayari sa akda sa konsepto ng diskriminasiyon sa kababaihan at matatanda sa lipunan.
2. Naipamamalas ang pagpapahalaga sa akda sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sariling opinyon patungkol sa diskriminasiyon sa kababaihan at matatanda sa lipunan.
3. Nakagagawa ng isang malikhaing kampanya na makapagsusulong ng adbokasiya ng pagkilala sa karapatang pantao ng kababaihan at matatanda gamit ang social media.

# PRETEST

## (WHAT I NEED TO KNOW / SUBUKIN)

**Gawain 1: Paunang Pagtataya**

**A. Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang buod ng maikling kuwentong nasa loob ng kahon. Pagkatapos ay sagutin ang kasunod na mga tanong.

**ANG KUWINTAS**
Ni Guy de Maupassant

Nagsimula ang lahat sa isang pagkakamali na napatungan pa ng isang pagkakamali.

Si Mathilde ay nakapangasawa ng isang abang lalaki na hindi kayang ibigay ang lahat ng kaniyang luho. Dahil dito laging mainit ang ulo ni Mathilde sa kanyang asawa. Isang araw, naanyayahan ang mag-asawa sa isang kasiyahan. Sa halip na masiyahan, si Mathilde ay nangamba at nagalit sa kaniyang asawa dahil wala siyang magarbong damit na isusuot at kahit ang kaniyang asawa ay hindi mabibili ang damit na kaniyang nais. Sa kabila ng mga bayarin at pangangailangan, mas inuna pa ng mag-asawa na bilhin ang damit. Ngunit hindi pa rin nakontento si Mathilde dahil wala siyang alahas na susuotin, kayat sila ay nanghiram sa isang kaibigan na si Madam Forestier ng kuwintas na ubod ng ganda.

Labis na nagsaya ang mag-asawa kayat 4:00 na ng umaga nang sila ay makauwi. Ngunit nagimbal ang mundo ng mag-asawa ng mapansin nila na wala na ang kuwintas. Sa ganda nito, tiyak na malaki ang halaga na katumbas ng kuwintas. Kaya't ginugol nila ang kanilang panahon sa pagtatrabaho upang mapalitan ito. Sa sobrang pagtatrabaho, tumanda ang hitsura ni Mathilde, kayat nang makasalubong niya si madam Forestier habang siya ay naglalakad, hindi siya nakilala.

Sa kanilang pag-uusap ipinagtapat ni Mathilde ang tunay na nangyari kay Madam Forestier. Gulat naman ang naging reaksiyon ni madam Forestier dahil sa lahat ng pinagdaanan na paghihirap ng mag-asawa, ang lahat ng kanilang pagod ay para lang sa pekeng kuwintas.

1. Aling kalikasan ng maikling kuwento ang mapatutunayan sa akda?

   A. Ang maikling kuwento ay nagtataglay ng masalimuot na pangyayari.
   B. Ang maikling kuwento ay nagtataglay ng lahat ng elemento ng isang akda.
   C. Ang maikling kuwento ay nag-iiwan ng isang kakintalan sa isip ng mambabasa.
   D. Ang maikling kuwento ay nagsasalaysay ng mga pangyayari sa buhay ng mga tauhan.

2. Ano ang katangian ni Mathilde na masasalamin sa akda?

   A. Mapagmahal na asawa
   B. Mabuting kaibigan at asawa
   C. Kontento sa kalagayan ng buhay
   D. Mapagpanggap sa tunay na katayuan sa buhay

3. Alin ang hindi kabilang sa pangunahing layunin ng maikling kuwento?

   A. Ipakita ang kagandahan ng mga kasuotan sa Pransiya
   B. Isalaysay ang tunay na pag-uugali ng mga tauhan sa panahon iyon
   C. Ipakita sa mambabasa na hindi masama ang humangad ng karangyaan
   D. Ipakita na mahalagang magsumikap kahit dumadanas ng mga pagsubok sa buhay

4. Anong tema ng akda ang makikita pa rin sa kasalukuyang sitwasyong panlipunan?

   A. Pakikinig sa opinyon ng asawa
   B. Pagapapahalaga sa materyal na bagay
   C. Pagtanggap sa tunay na katayuan sa buhay
   D. Pagsusumikap sa mga pagsubok na dumating

5. Anong kultura ng mga taga-Pransiya ang malinaw na ipinapakita sa akda?

   A. Mahilig sa mariringal na pagdiriwang
   B. Labis na pagpapahalaga sa materyal na bagay
   C. Hilig sa sopistikada at marangal na mga kasuotan
   D. Lahat ng nabanggit6. Anong tema ng akda ang makikita pa rin sa kasalukuyang

**B.** Tama o Mali. Isulat ang salitang Tama kapag ang pahayag ay nagsasaadng katotohanan at Mali naman kung hindi.

1. Nabibilang ang France sa Mediterranean countries na mayayaman rin sa larangan ng panitikan
2. Si Guy de Maupassant ay gumanit ng teoryang realismo sa kaniyang mga akda.
3. Si Guy de Maupassant ay itinuturing na pinakadakilang manunulat ng nobela sa Pransiya.
4. Itinampok ni Maupassant sa kaniyang mga akda ang pagkukunwari sa lahat ng mga klaseng panlipunan ng Pransiya.
5. Ang Eiffel Tower sa Paris na kapital ng France ay nagsisilbing landmark na dinarayo ng napakaraming turista na nagmula pa sa iba’t ibang dako ng mundo.

# LESSON PROPER

## ACTIVITY (WHAT'S NEW / TUKLASIN)

**Gawain 2. Tuklasin Mo!**

**Panuto:** Sa bahaging ito, inyong alamin ang mahahalagang impormasyon patungkol Sa panitikan ng Pransiya at kilalanin ang tanyag na manunulat na si Guy de Maupassant.



### Panitikan ng Pransiya

Katulad ng iba pang bansa sa Mediterranean, mayaman sa Panitikan ang France. Ang panitikang ito ang nagsilbing kanlungan ng kanilang mga sinaunang kaugalian, tradisyon, at kultura sa kabuuan. Ang bansang France o Pransiya ay hinango sa salitang 'Francia' na ang ibig sabihin ay 'Lupain ng mga Prangko'. Nabibilang ang France sa Mediterranean countries na mayayaman rin sa larangan ng panitikan. Ang kilalang Eiffel Tower sa Paris na kapital ng bansa ay nagsisilbing landmark na dinarayo ng mga turista na nagmula pa sa iba't ibang dako ng mundo.

Kilala rin ang France sa kanilang pagluluto at mga pagkain, sining, arkitektura, wika, kultura't tradisyon na nailalahad sa mga nagawang akdang Panitikan mula sa mga Pranses na maglalarawan ng kanilang mga karanasan at pananaw sa sariling bansa. Inilalahad rin ng mga Pranseskanong manunulat sa kanilang mga obra ang mga patungkol sa politika at pamamahala. Mahalaga ang panitikan sa mga mamamayan ng Pransiya dahil mahalaga ang papel nito sa kanilang pagkatao.

*Maaring basahin sa: https://kezzziams.blogspot.com/2020/11/panitikan-ng-france.html*



### Guy de Maupassant

Si Henri René Albert Guy de Maupassant **o mas kilala bilang Guy de Maupassan**t (1850 -1893) ay isang manunulat na Pranses noong Ika-19 na siglo, sikat sa kaniyang maikling kuwento, ngunit siya rin ang may-akda ng maraming mga nobela. Siya ay isang napakaproduktibong may-akda sa loob ng labintatlong taon kung saan nailathala niya ang tinatayang 300 maikling kuwento, anim na nobela, isang libro ng tula, at maraming mga gabay sa paglalakbay.

Si Guy de Maupassant ay itinuturing na pinakadakilang manunulat ng Pransiya ng maikling kuwento. Ginamit niya ang teoryang realismo sa kaniyang mga akda. Ang paulit-ulit na tema ng kanyang mga akda ay isang pagsasalamin sa buhay ng Pransiya sa pagsisimula ng siglo. Kabilang dito ang mga problema ng iba`t ibang klaseng panlipunan sa bansa. Nais niyang ilarawan ang pagdurusa, pagsasamantala at pagkabigo na naranasan ng mga taga-Pransya noong panahong iyon. Itinampok din ni Maupassant ang pagkukunwari sa lahat ng mga klaseng panlipunan ng Pransiya.

*Maaring basahin sa: https://kezzziams.blogspot.com/2020/11/panitikan-ng-france.html*

**Gawain 3: Dugtungan Mo!**

**Panuto:** Punan ng wastong sagot ang patlang sa bawat pangungusap upang mabuo ang tamang kaisipan nito.

1. Ang bansang Pransiya ay hinago sa salitang “Francia” na ang ibig sabihin ay ________.

2. Si Guy de Maupassant ay itinuturing na pinakadakilang manunulat ng Pransiya sa larangan ng ____________________.

3. Ang panitikan ng Pransiya ay nagsisilbing kanlungan ng kanilang ____________ sa kabuuan.

4. Nailathala ni Guy de Maupassant ang tinatayang _______maikling kuwento, anim na nobela at isang libro ng mga tula

5. Inilarawan ni Maupassant sa kanyang mga akda ang pagdurusa, pagsasamantala at ___________________ na naranasan ng mga tao sa Pransiya

**Gawain 4: Ikuwento Nyo!**

Panuto: Basahin ang maikling kuwentong “Ang Munting Bariles” sa paraang pangkatan. Pumili ng tatlong kasapi sa pangkat na kakatawan sa dalawang karakter at tagapagsalaysay ng kuwento.

Mga Hakbang

1. Hatiin sa limang pangkat ang klase at hatiin rin sa limang bahagi ang maikling kuwento

2. Bigyan ng popsicle sticks ang bawat kasapi ng pangkat at ipasulat ang kanilang pangalan.

3. Ang guro ay bubunot ng tatlong popsicle sticks mula sa unang pangkat upang matukoy ang mga magiging tagabasa.

4. Matatapos bumasa ng pangkat, sila naman ang bubunot ng tatlong popsicle sticks sa susunod na grupo.

5. Basahin ang kuwento sa paraang round robin. Simulan sa unang pangkat patungo sa huling pangkat.

## ANG MUNTING BARILES

Ni Guy de Maupassant

Pangkat 1

Si Jules Chicot ang tagapamahala ng Spreville Hotel. Ang mga nakakakilala sa kanya ay nagsasabi na siya ay isang matalino at tusong negosyante.

Isang araw ay huminto ang kaniyang karwahe sa tapat ng bahay ni Nanay Magloire. Si Chicot ang may-ari ng mga lupaing katabi ng lupa ng matandang babae na matagal na nitong pinagnanasaang maangkin kayat hindi lang miminsang nag-alok na mabili ito.

"Dito ako ipinanganak, dito rin ako mamamatay," ang lagi niyang sagot kay Chicot.

Si Nanay Magloire ay isang matandang nasa edad pitumpu't dalawa, napakapayat at kuba na subalit nagtataglay pa ng lakas ng isang kabataan.

"Nay, kamusta na? Ang bati ni Chicot sa kaniya. "Natutuwa akong makita kayong masaya at malusog," dugtong pa niya.

"Mabuti naman ako at walang problema. Kumusta ka rin ginoong Chicot?" ang sagot ng matanda. "Ay, maayos po ako maliban sa minsan-minsang pag-atake ng aking rayuma."

Tila nahihiya, biglang naumid si Chicot. Iniisip kung paano sabihin ang gusto sanang sabihin sa matanda.

"Makinig kayo Nanay Magloire, sigurado na ba kayong ayaw ninyong ipagbili ang inyong lupain?"

"Siguradong-sigurado ako kaya huwag mo nang uulitin ang iyong alok."

Pangkat 2

”Mabuti kung gayon, ngunit may bago akong alok na maaaring pareho nating magustuhan.”

“At ano naman iyon?”

“Ganito po, ibenta ninyo sa akin ang inyong lupa at mananatili pa rin itong sa inyo. Buwan-buwan ay bibigyan ko kayo ng limang daan at sampung francs at titiniyak kong walang magbabago sa inyong buhay. Manatili ang bahay na ito sa inyo. “

Tumitig sa kaniya ang matanda na tila hindi nagtitiwala, nag-iisip na baka patibong lang ang lahat ng ito.

“Sa aking palagay ay tama naman ang lahat ng sinabi mo subalit hindi ko ibibigay sa iyo ang aking bukid.”

“Ay huwag ninyo isipin iyan,” ang sabi ng lalaki. “Mananatili kayo rito hanggang gusto ng Panginoon na kayo ay buhay. Iyon nga lang lalagda kayo sa isang kasulatan sa harap ng abogado na nagsasabing mapapasaakin ang inyong lupain kapag kayo’y wala na.”

Ikinagulat ng matandang babae ang narinig at nagdulot ito sa kaniya ng pag-kabalisa. Natutukso na siyang sumang-ayon subalit sa wakas ay tumugon:

“Hindi ko sinasabing hindi ako sumasang-ayon sa iyong kundisyon subalit bigyan mo ako ng panahong mapag-isipan itong mabuti. Bumalik ka pagkalipas ng isang linggo.”

Pangkat 3

Hindi nakatulog si Nanay Magloire at sa mga sumunod na araw ay hindi rin siya mapakali. Nagtungo siya sa isang abogado at pinayuhan siya nitong tanggapin ang alok ng lalaki subalit dapat siyang humiling ng limampung crown sa halip na tatlumpu dahil ang presyo ng kaniyang lupain ay aabot sa animnapung libong *francs*.

Halos manginig sa tuwa ang matandang babae sa makukuha niyang salapi buwan-buwan subalit hindi parin mawala sa kanya ang pagkatakot na may pandarayang gagawin si Chicot.

Nang bumalik si Chicot ay sinabi niya kung magkano ang gusto niyang buwanang bayad para sa bukid. Kitang-kita kay Chicot ang pagkadismaya. Para makumbinsi ang lalaki ay binanggit ng matanda ang itatagal nalang ng kaniyang buhay.

“Maaring hindi na tumagal ang buhay ko ng lima o hanggang anim na taon. Malapit na akong magpitumput-pito at mahina na dahil sa edad ko”.

Subalit si Chicot ay tusong negosyante, hindi basta-basta makukumbinsi ng ganoong salita.

“Hay naku tanda, sinlakas ka ng Tore ng simbahan at tiyak na mabubuhay ka pa ng isandaang taon, baka nga mauna pa akong ilibing kesa sa iyo.”

Tatlong taon ang mabilis na lumipas, tila hindi tumanda si nanay Magloire. Si Chicot naman ay naging napakalungkot dahil mukhang magbabayad siya ng buwanan sa loob ng limampung taon.

Pangkat 4

Kapag nakikita ni Chicot ang matanda sa ganoong kalagayan ay nagngingitngit ito at sinasabi sa kaniyang sariling:

"Kailan ka ba mamamatay matanda ka?"

Sa tindi ng kaniyang galit ay nag-isip siya ng paraan kung paano mawala sa kaniyang landas ang matandang babae. Sa kanilang pagkikita, inalok niya ang matanda ng isang hapunan sa kaniyang bahay.

Pumunta nga ang matanda sa bahay ni Chicot. Binigyan siya ng isang masaganang hapunan. Subalit halos hindi ito ginalaw ng matandang babae. Nadismaya si Chicot kayat pinilit niya ang matandang kumain pa subalit tumanggi na ito.

"Siguro naman ay hindi mo tatanggihan ang konting patak ng alak?"
"Ah, diyan ay hindi ako maaring tumanggi."
Kaya agad sumigaw si Chicot sa kaniyang utusan:
"Rosalie, dalhin mo rito ang pinakamasarap nating alak. Iyong espesyal. Iyong alam mo na."

"Tikman mo ang isang iyan, tiyak na masasabi mong first class iyan."
Unti-unting sinimsim ng matandang babae ang alak.
"Napakasarap! First class nga ang alak na iyan!"
Pagkarinig sa sinabi ng matanda ay agad pinuno ulit ni Chicot ang kopita nito. Muli pang naglagay si Chicot ng alak ngunit umayaw na ang matanda. Nagpumilit si Chicot upang makumbinsi siya at sinabi:

"Ang alak na ito'y sing suwabe ng gatas, nakauubos ako nito ng mula sampu hanggang isang dosenang kopita araw-araw ng walang masamang epekto sa akin. Ito na siguro ang pinakamabuting inumin para sa tulad mo."

Pangkat 5

Kinabukasan ay muling dumalaw si Chicot sa bukid ng matanda dala-dala ang isang munting bariles ng alak. Ipinilit niyang tikman nila ito.

"Kapag naubos n'yo ang laman ng munting bariles ay magsabi lang kayo sa akin. Mas matutuwa ako kung mabilis n'yo itong mauubos."

Pagkalipas ng ilang araw ay muling dumalaw si Chicot sa bahay ng matandang babae. Lumapit si Chicot at nang maamoy ang alcohol sa kaniyang hininga ay napangiti ang lalaki.

Hindi nagtagal ay naging usap-usapan ng kapitbahay ang laging pag-inom ng alak ni Nanay Magloire kahit nag-iisa. Madalas siyang nakikitang sumusuray o kaya'y nakalupasay sa kaniyang kusina, sa kaniyang bakuran at maging sa kalsada.

Simula noo'y hindi na siya nilapitan ni Chicot at kapag kinakausap si Chicot ng iba tungkol sa kalagayan ni Nanay Magloire, tila puno ng pagdadalamhati niyang sinasabi:

"Nakaaawa namang natuto siyang uminom at magumon sa alak sa edad niyang iyan. Kasi kapag ang tao'y tumanda at nagkabisyo ng ganyan, wala ng remedy iyan, maaring ikamatay na niya iyan sa kalaunan."

At hindi nagtagal, bago magpasko, siya ay natagpuang patay ng mga kapitbahay. At nang dumating si Chicot upang kunin ang kaniyang bukid, ito ang kaniyang winika:

"Isang kahangalan, kung hindi sana siya naging lasengga maaring tumagal pa sana ang buhay niya ng sampung taon pa."

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT / TALAKAYIN)

**Gawain 5: WIKARAMBULAN!**

**Panuto:** Kilalanin ang mga salitang may kaugnayan sa maikling kuwento. Hulaan ang salita mula sa mga salitang Ingles na katunog nito. Pagdungtungin ang mga tunog upang mabuo ang salita.

**Mekaniks ng laro**

1. Pumili ng dalawang kalahok sa bawat salitang pahuhulaan.
2. Hulaan ang salita sa loob ng limang segundo lamang.
3. Basahin o bigkasin nang paulit-ulit ang mga tunog hanggang sa mahulaan ang salita.
4. Ang unang makakahula sa salita ay ang siyang makakakuha ng puntos.

**Mga Salitang Pahuhulaan**

A. Mhug Lhoi Rhe
B. Cheek Caught
C. Cast shown the one
D. All luck
E. Desk creamy neigh shown
F. Rest pay two
I. Cool two raw
J. Car raw pot tongue

**Hots na Tanong**

1. Sa anong aspeto magkatulad at magkaiba sina Magloire at Chicot? Sino sa kanilang dalawa ang hindi nagpakita ng respeto sa kapwa?
2. Anong kasunduan ang inialok ni Ginoong Chicot upang maipagbili sa kanya ang lupain ng matandang babae? Kung ikaw si Magloire, tatanggapin mo ba ang ganoong kasunduan?
3. Bakit ipinatikim ni Chicot ang pinakamasarap na alak sa matandang babae?
4. Ano ang tunay niyang hangarin? Patunayan.
5. Anong kultura ng mga taga-Pransiya ang mahihinuha sa maikling kuwento?
6. Paano mo maiuugnay ang diskriminasyon at paglabag sa karapatang pantao sa kuwento?

# LESSON PROPER


## ENRICHMENT ACTIVITIES (WHAT'S MORE / PAGYAMANIN)


**Gawain 6: Pagyamanin Mo!**

Panuto: Isagawa ang pangkatang talakayan gamit ang mga tanong na inihanda para sa Bawat pangkat. Hatiin sa anim na pangkat ang klase. Sa bawat pangkat ay may itatalagang kulay ng sombrero na angkop sa mga katanungang sasagutin.

Pagkatapos ng talakayan, iulat sa klase ang mga nabuong sagot. Mga Hakbang

1. Bumuo ng anim na pangkat.
2. Magpalabunutan upang matukoy ang kulay ng sombrero para sa bawat pangkat.
3. Isagawa ang pangkatang talakayan sa loob ng limang (5) minuto.
4. Pumili ng isang taga-ulat sa bawat pangkat.
5. Ang bawat pangkat ay mayroon dalawang (2) minuto sa gagawing pag-uulat.

| KULAY NG SOMBRERO | KATANUNGAN NA TATALAKAYIN AT IUULAT NG BAWAT PANGKAT |
|---|---|
|  | Ano ang layunin ng pagkakasulat sa maikling kuwento? Ano-anong mga isyung panlipunan ang tinalakay dito? |
|  | Ano ang inyong reaksyon sa pakikitungo ni Ginoong Chicot sa matandang babae lalong-lalo na sa pag-uudyok nitong malulong ang matanda sa alak? Ilar-awan. |
|  | Bilang mga kabataan, anong mahalagang aral pa-tungkol sa pakikitungo sa mga matatanda at kababai-han ang nais ihatid ng akda? Anong positibong kon-septo ang inyong natamo sa mensahe nito? |
|  | Mula sa mga pangyayari sa akda, ano-anong babala o mga pangkasalukuyang suliranin kauganay ng kara-patang pantao ang ipinahihiwatig nito? |
|  | Batay sa inyong naoobserbahan patungkol sa usap-in ng karapatan ng kababaihan at matatanda, ano ang nakikita ninyong problema na dapat aksyunan? Magbigay ng halimbawa at rekomendasyon upang mapabuti ang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
|  | Magbigay ng mga konkretong hakbang na makapag-susulong ng karapatang pantao ng kababaihan o ng matatanda sa mga sumusunod antas:<br><br>a. pamilya b. komunidad c. bansa |

**Rubrik sa Pag-uulat**

| Pamantayan | Indikeytor | Puntos | Puntos Puntos |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Malinaw na naipaliwanag ang mahahalagang Kaisipan At detalye ng paksa | **5** | |
| Pagtalakay | Ang Pagtalakay ay lohikal, malinaw at organisado | **5** | |
| Kaangkupan ng mga ideyang ginamit | Sapat, wasto at makabulu-han ang impormasyon | **5** | |
| Atensyon ng Tagapakinig | Nakuha ang atensyon ng mga tagapakinig | **5** | |
| | Kabuuan | **20** | |

# LESSON PROPER

## GENERALIZATION (WHAT I HAVE LEARNED / ISAISIP)

**Gawain 7: Kompletuhin Mo!**

Panuto: Ilahad ang iyong natutuhan sa aralin sa pamamagitan ng pagbuo sa bawat pa ngungusap sa ibaba.

1. Mahalaga ang pagrespeto sa karapatang pantao dahil ______________________________ ________________________________________________________________.

2. Sa bawat pamilya, komunidad at buong bansa, ang pagpapahalaga sa kababaihan at matanda ay maisasagawa natin sa pamamagitan ng ______________________________ ________________________________________________________________.


3. Bilang isang kabataang makatatao, makabansa at maka-Diyos, tungkulin kong ________________________________________________________________ ______________________________.

# LESSON PROPER

## REFLECTION (WHY IS IT MEANINGFUL AND RELEVANT / ISAPUSO)

**Gawain 8: Nangangako Ako!**

Panuto: Bilang isang mag-aaral, ikaw ay dapat na aktibong nakikibahagi sa pagtaguyod ng karapatang pantao maging anoman ang kasarian at edad. Ito ay inyong isapuso sa pamamagitan ng pagsulat ng isang Pledge of Commitment. Iguhit ang inyong palad sa colored paper at pagkatapos ay gupitin. Isulat ang inyong salaysay ng pangako saka



# LESSON PROPER

## APPLICATION (WHAT I CAN DO / ISAGAWA)

**Gawain 9: Paskil of the Day!**

Panuto: Gumawa ng isang malikhaing kampanya na makapagsusulong ng adbokasiya sa karapatang pantao ng kababaihan at matatanda at ibahagi sa inyong *facebook*. Ang inaasahang produkto ay maaring slogan, tula, poster/ collage o 2minute video clip. Pumili lamang isa sa mga nabanggit. Ito ay dadaan muna sa pagwawasto ng guro bago pahintulutang i-post sa facebook.

Gabay sa Pagmamarka

| **Pamantayan** | **10** | **7** | **4** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Ang mensahe ay mabisang naipa-kita | Naipakita ang mensahe | Hindi gaano naipakita ang mensahe | Walang mensaheng naipakita |
| Pagkamalikhain | (Poster/ Collage) Napakaganda ang kombi-nasyon ng mga kulay<br><br>(Slogan) Napakalinaw ng pagkakasulat ng mga titik<br><br>(Tula) Gumamit ng simbolismo at Piling-pili ang mga salitang ginamit<br><br>(Video Clip) Napakahusay ang kombi-nasyon ng mga larawan, salita at musika | Maganda ang kombinasyon ng mga kulay<br><br>Malinaw ang pagkakasulat ng mga titik<br><br>Bahagyang gumamit ng simbolismo at may ilang piling salita<br><br>Mahusay ang kombinasyon ng mga lar-awan, salita at musika | Hindi gaanong ang kombi-nasyon ng mga kulay<br><br>Hindi gaanong malinaw ang pagkakasulat ng mga titik<br><br>Nakalilito ang mga simbolis-mo at ang mga salita ay di gaanong pili<br><br>Di gaanong maganda ang kombinasyon ng mga lar-awan, salita at musika | Hindi magan-da ang kom-binasyon ng mga kulay<br><br>Walang gina-mit na simbolismo<br><br>Hindi magan-da ang kom-binasyon ng mga larawan, salita at musi-ka |

# LESSON PROPER

## APPLICATION (WHAT I CAN DO / ISAGAWA)

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Kaugnayan sa Paksa | May malaking kaugnayan sa paksa | May kaugnayan sa paksa | Bahagyang lamang ang kaugnayan sa paksa | Walang kaug-nayan sa paksa |
| Pagkamapan-likha (Orihinalidad) | Naaayon sa makabago at na-tatanging paksa. Hindi gasgas ang konsepto. | Mahusay dahil hindi masyadong karaniwan ang konsepto | Karaniwan na ang konsepto | Masyadong gasgas at ka-raniwan ang konsepto |
| Kabuuang Presentasyon | Napakalinis at napakaayos ang pagkakabuo | Malinis at maayos ang pagkakabuo | Malinis ngunit hindi gaanong maayos ang pagkakabuo | Hindi malinis at maayos ang pagkakabuo |

# ASSESSMENT

## TAYAHIN

A. Panuto: Basahin at unawain ang bawat katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa inyong sagutang papel.

1. Anong katangian ang masasalamin sa ikinikilos ni Chicot sa akda?
   A. Mapagbigay sa kapwa
   B. Marespeto sa matatanda
   C. Matulungin sa nangangailangan
   D. Sakim sa ari-arian at mapagsamantala

2. Sino ang nagsabi ng katagang ito, "Dito ako ipinanganak, dito rin ako mamamatay"?
   A. Magloire
   B. Jules Chicot
   C. Magloire Chicot
   D. Guy de Maupassant

3. Ano ang bagay na kinahuhumalingan ni Magloire na naging sanhi ng kanyang pagkamatay?
   A. Alak
   B. Salapi
   C. Tinapay
   D. Munting Bariles

4. Sa anong bahagi ng kuwento mahihinuha ang diskriminasiyon sa kababaihan at matatanda sa kuwento?
   A. Ang pag-angkin sa lupa ng matanda sa hindi makatarungang paraan
   B. Ang pag-uudyok ni Chicot na magumon sa alak ang matandang babae
   C. Ang ilang beses na pagtangka ni Chicot sa buhay ng matandang babae
   D. lahat ng nabanggit

5. Ano ang ibinunga ng pagkagumon ng matandang babae sa alak?
   A. Madalas siyang makita na pasuray-suray sa kalsada
   B. Nagkasakit at napadali ang kaniyang kamatayan
   C. Naging gawain niya sa araw-araw ang pag-inom ng alak
   D. lahat ng nabanggit.

B. Panuto: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang Tama kung ang sinasaad ay tama at isulat ang Mali kung ang isinasaad ay mali.

1. Ang maikling kuwentong "Ang Munting Bariles" ay may temang diskriminasyon sa matatanda at kababaihan.
2. Ang karakter ni Chicot ay simbolo ng ugaling "utak talangka" na ang nais ay makapanlamang sa kapwa.
3. Ang pag-inom ng alak tulad ng kinahumalingan ni Magloire ay isa pangunahing sanhi ng kamatayan sa buong mundo.
4. Ang mga pangyayari sa maikling kuwento ay hindi nangyayari sa totoong buhay.
5. Mahalaga ang pagrespeto sa karapatang pantao dahil pinapayagan nitong mabuhay ang bawat isa nang may dignidad, hustisya, kalayaan at kapayapaan.

# ANSWER KEY

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Subukin**

A.
1. C.
2. D.
3. C.
4. B.
5. B.

B.
1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Tama

**Dugtungan Mo**

1. Lupa ng mga Pangako
2. Maikling Kuwento
3. Kultura
4. 300
5. Pagkabigo

**Wikarambulan**

1. Magloire
2. Chicot
3. Kasunduan
4. Alak
5. Diskriminasyon
6. Respeto
7. Kababaihan
8. Tuso
9. Kultura
10. Karapatan

**Kumpletuhin Mo**

Sariling
Sagot ng
mag-aaral

**Pagtataya**

**A.**
1. D.
2. A.
3. A.
4. D.
5. D.

**B**.
1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Mali
5. Tama

# REFERENCES

## SANGGUNIAN


Asia-pacific Center for Education in International Understanding, Department of Education, Philippine Normal University. Developing GCED Lesson Exemplar.

Bhasin, H. (2020). Six Thinking Hats: Definition, Benefits & Framework Explained. Retrieved from https://www.marketing91.com/six-thinking-hats/

Escalada, C. A. (2019). Buod ng Kwentong Ang Kwintas. Scribd.com. Retrieved from https://www.scribd.com/document/423978713/

Finley, T. (2014). 11 Alternatives to Round Robin Reading. Retrieved from https://www.edutopia.org/blog/alternatives-to-round-robin-reading-todd-finley

Guy de Maupassant. Talambuhay at Mga Gawa. Warbleoncouncil.org. Retrieved From https://tl.warbletoncouncil.org/guy-de-maupassant-9215

K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum (Grade 10). Department of Education. Mayo 2016 Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf

Marasigan, E., & Del Rosario, M.G. (2019) Pinagyamang Pluma: Wika at Panitikan. Phoenix Publishing House, Quezon Avenue, Quezon City

Panitikan ng France: Panunuring Pampanitikan. Retrieved from https://kezzziams.blogspot.com/2020/11/

비매품/무료
13370
9 791187 819325
ISBN 979-11-87819-32-5